## INTERNATIONAL NAPASA ( August 26 2025 )

### 1) UKOL SAPAGBUBUKAS NG SHONAN BELLMARE HIRATSUKA BEACH

「湘南ベルマーレひらつかビーチ」オープンのお知らせ

Ang ***SHONAN BELLMARE HIRATSUKA BEACH*** ay magbubukas mula sa July 19 (Saturday) hanggang sa August 31 (Sunday). Ang oras ay mula 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon. Sa panahong ito ay magbubukas rin ang pansamantalang paradahan ng mga sasakyan. Ang Saturday, Sunday, Special Holiday at mula August 12 hanggang 15 ang oras ay mula 8:00 ng umaga hanggang 6:00 ng hapon. Kung may katanungan ay tumawag sa ***BEACH PARK.*** Telephone Number **0463-23-4781 (0463-23-4781)**.

### 2) UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa August 31 ang huling palugit ng ikalawang bahagi ng bayarin ng ***MUNICIPAL TAX.*** Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa ***TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769).**

### 3) UKOL SA JAPANESE LANGUAGE CLASS MULA SA MGA BOLUNTARYONG GURO

ボランティアによる日本語教室のお知らせ

Ang mga sumusunod na 4 na ***JAPANESE LANGUAGE CLASS*** sa Hiratsuka City mula sa mga boluntaryong guro:

1. HIRATSUKA INTERNATIONAL EXCHANGE ASSOCIATION.
2. KABERA JAPANESE LANGUAGE ASSOCIATION.
3. SHONAN JRC
4. YOKOUCHI PROJECT.

Ang lahat ng nabanggit na Classroom ay walang bayad at ang lugar ng araw ng pagsisimula, Kwalipikasyon sa Paglahok at mga detalyadong impormasyon ay makikita sa Home Page ng ***HIRATSUKA CITY.***

### 4) BAYARIN SA PAG-PROSESO NGPAPELES NG PANINIRAHAN NG MGA DAYUHANG

外国人の在留手続き手数料改定のお知らせ

Mula April 1, 2025 ay nabago na ang halaga ng bayarin sa pag-proseso ng paninirahan ng mga dayuhan.

**ANG MGA PANGUNAHING NABAGO AY ANG MGA SUMUSUNOD:**

1. Application for Change of Status of Residence: mula ¥4000 ay naging ¥ 6000.

2. Applicaiton for Extension of Period of Stay: mula ¥4000 ay naging ¥ 6000.
3. Applicaiton for Permanent Residence: mula ¥8000 ay naging 10,000
4. Application for Re-Entry Permit( Single): mula ¥3000 ay naging ¥4000
5. Application for Re-Entry Permit (Multiple): mula ¥6000 ay naging ¥7000.
6. Certificate of Employment Eligibility: mula ¥1200 ay naging ¥2000.

Para sa iba pang detalye ay makikita sa Home Page ng Immigration Service Agency ng Japan.

## 5) DEVICE PARA SA PAG-IWAS SA MGA DI KANAIS-NAIS NA TAWAG O SPAM CALLS

迷惑電話防止装置のお知らせ

Dito sa Hiratsuka City ay nagbibigay ng tulong na 1/2 ng presyo sa pagbili ng device para makaiwas sa mga di kanais-nais na tawag o spam calls sa mga residenteng matatanda na may edad na 65 taong gulang pataas. Subalit hanggang sa ¥ 5000 lamang ang tulong. Para sa mga gustong mag-apply ay isagawa ang kinakailangang pag-proseso sa ***RISK AND MANAGEMENT DIVISION*** sa 4th Floor ng Hiratsuka City Office. Para sa mga katanungan ukol sa mga kinakailangang dokumento ay makipag-ugnayan sa sa ***RISK AND MANAGEMENT DIVISION.*** Telephone No. 0463-21-9863 (0463-21-9863).